# Mga Klinikal na Pagsubok para sa Kanser

*Clinical Trials for Cancer – Tagalog*

Ang mga klinikal na pagsubok para sa kanser ay mga pananaliksik na pag-aaral na isinasagawa upang makahanap ng mas mabubuting paraan para gamutin ang kanser.

## Bakit kailangan ang mga klinikal na pagsubok para sa mga paggamot ng kanser

Ang mga klinikal na pagsubok para sa kanser ay mga pag-aaral na isinasagawa sa mga tao. Ang mga klinikal na pagsubok ay tumutulong sa mga siyentipiko at doktor na malaman kung ang bagong paggamot ay ligtas at kung gaano ito kabisa. Sinusubukan ng maraming klinikal na pagsubok para sa kanser ang bagong paggamot sa pamamagitan ng paghahambing nito sa karaniwang paggamot. Ang karaniwang paggamot ay isa sa mga pinakamahusay na mapagpipilian na kasalukuyang ginagamit sa paggamot sa isang uri ng kanser. Marami ang natutulungan kada taon dahil pinipili nilang makibahagi sa mga klinikal na pagsubok bilang bahagi ng paggamot sa kanilang kanser. At maging pagkatapos ng ilang taon, marami pang ibang tao ang maaaring makinabang sa kung ano ang natutunan sa mga klinikal na pagsubok.

## Ano ang proseso ng mga klinikal na pagsubok

Ang mga klinikal na pagsubok ay isinasagawa nang bai-baitang na tinatawag na mga yugto. Ang mga natuklasan sa bawat yugto ay dapat maaprubahan bago magpatuloy sa susunod na yugto. Sa yugto 1, susubukan ang bagong paggamot upang makita kung ligtas ito at malaman kung anong dosis ang pinakamabisa nang hindi nagdudulot ng mga pinakamalubhang side effect. Sa yugto 2, sinusubukan ang bagong paggamot upang makita kung mabisa ito laban sa mga partikular na uri ng kanser. Sa yugto 3, inihahambing ang bagong paggamot sa kasalukuyang karaniwang paggamot upang makita kung alin ang makapaggagamot sa mga partikular na kanser nang mas mabuti at kung paano maaaring mag-iba ang mga side effect sa bawat isa. Kung pumasa sa lahat ng yugto ang bawat paggamot, maaari itong maaprubahan para magamit sa mga taong maaaring mangailangan nito. Ngunit, pag-aaralan pa rin ang bagong paggamot pagkatapos maaprubahan upang masubaybayan kung paano ito gumagana.

## Ano ang karanasan ng pagiging nasa isang klinikal na pagsubok

Kung ikaw ay nasa isang klinikal na pagsubok, maaaring magkaroon ka ng mga karagdagang pagbisita at pagsusuri sa laboratoryo kaysa sa gagawin mo sa karaniwang paggamot. Magkakaroon ka ng isang pangkat ng mga dalubhasang mangangalaga sa iyo at maingat kang susubaybayan upang malaman ang kalagayan mo.

May ilang panganib sa pagiging nasa isang klinikal na pagsubok. Sa maraming klinikal na pagsubok, hindi alam kung gagana ang paggamot o kung anong mga side effect ang maaaring maranasan mo. Ito ang kadalasang sinusubukang malaman sa pag-aaral. Gaya ng karaniwang paggamot, nawawala ang karamihan sa mga side effect sa pagdaan ng panahon, ngunit ang ilan ay maaaring magtagal o nagdudulot ng panganib sa buhay. Ipapaalam sa iyo ang tungkol sa anumang mga alam na panganib bago magsimula ang paggamot.

Ngunit maaaring magkaroon ng mga kapakinabangan sa pagiging nasa klinikal na pagsubok. Makakakuha ka ng karaniwang paggamot sa uri ng iyong kanser o makakakuha ka ng mas bagong paggamot na maaaring maging mas makabubuti. Sa ilang sitwasyon, ang natatanging paraang kung saan makakakuha ka ng mas bagong paggamot ay ang pagiging bahagi ng klinikal na pagsubok.

Ang ilan ay nag-aalala na ang pakikibahagi sa isang klinikal na pagsubok ay nangangahulugang bahagi sila ng isang eksperimento. Ang mga nasa mga klinikal na pagsubok ay maaaring kailanganing gumawa ng mga partikular na bagay o magkaroon ng mga partikular na pagsusuri para manatili sa pag-aaral, ngunit makakatanggap sila ng napakahusay na pangangalaga. Sa katunayan, karamihan sa mga taong nasa mga klinikal na pagsubok ay gusto ang karagdagang atensyong nakukuha nila mula sa kanilang mga pangkat ng tagapangalaga sa kanser at pananaliksik.

## Paggamit ng placebo sa mga klinikal na pagsubok

Ang mga placebo (mga pekeng paggamot) ay bihirang ginagamit nang mag-isa sa mga klinikal na pagsubok na sumusubok sa bagong paggamot. Ang placebo ay maaaring gamitin kung walang kilalang paggamot na gagana o ang pag-aaral ay naghahanap sa ilang paraan upang mapigilan ang kanser. Ngunit, karamihan sa mga klinikal na pagsubok para sa kanser ay hindi gumagamit ng mga placebo. Hindi etikal na bigyan ang isang tao ng placebo sa halip na paggamot na alam na gagana.

## Pagpapasya kung makikibahagi sa isang klinikal na pagsubok

Bago ka maging bahagi ng isang klinikal na pagsubok, ipapaliwanag sa iyo ng doktor o nurse sa pananaliksik kung ano ang aasahan at tatalakayin ang mga panganib at kapakinabangan ng pagiging nasa klinikal na pagsubok. Sasagutin din nila ang anumang mga katanungan at tatalakayin ang tungkol sa mga pag-aalalang maaaring mayroon ka. Kung sumasang-ayon kang maging bahagi ng klinikal na pagsubok, bibigyan ka nila ng form ng pahintulot na pipirmahan.

Mahalagang malaman na nasa sa iyo kung magiging bahagi ka o hindi, kung mananatili, sa isang klinikal na pagsubok. Maaari mong piliing umalis sa pag-aaral sa anumang oras para sa anumang dahilan, at makakakuha ka pa rin ng pangangalagang matatanggap mo kung hindi mo piniling maging bahagi ng klinikal na pagsubok.

## Mga itatanong

May napakaraming bagay na maaaring gustuhin mong malaman bago ka sumang-ayong maging bahagi ng klinikal na pagsubok. Maaaring gusto mong itanong sa doktor o nurse ng pananaliksik ang:

- Bakit isinasagawa ang pag-aaral na ito?
- Gaano katagal ako magiging bahagi ng klinikal na pagsubok?
- Gaano kadalas ako kailangang matingnan?
- Saan ako dapat pumunta para sa paggamot at mga pagsusuri?
- Sino ang tatawagan ko kung mayroon akong mga problema?
- May kailangan ba akong bayaran?
- Ano ang iba ko pang mga mapagpipilian?

Ang ibang mga katanunang maaaring gusto mong itanong ay nakadepende sa uri ng paggamot na inihahandog sa iyo. Maaaring kailanganin mong kausapin ang mga pinagkakatiwalaang kapamilya at kaibigan habang nagpapasya ka. Huwag matakot magtanong. Pag-aralan hangga't maaari ang tungkol sa anumang klinikal na pagsubok na interesado ka nang sa gayon ay makakapagpasya ka ng kung ano ang pinakamahusay para sa iyo.

Para sa impormasyon tungkol sa kanser, tulong sa pang-araw-araw, at suporta, tumawag sa American Cancer Society sa **1-800-227-2345** o bumisita sa amin online sa **cancer.org/clinicaltrials**.
Narito kami sa tuwing kailangan mo kami.

American Cancer Society®

BBB ACCREDITED CHARITY bbb.org/charity



TAGALOG
©2021, American Cancer Society, Inc.
No. 004489-Rev.6/21